Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG DISYEMBRE 3, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:05 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ........ | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Laura P. Obligacion | ........ | Kagawad – nasa lakad opisyal |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

### KAPASIYAHAN BLG. 171-T'07

### KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 49-T2007 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTISIMA CRUZ NA IDINEDEKLARANG NASA "STATE OF CALAMITY" ANG NASABING BARANGAY DULOT NG PAGLUBOG AT LABIS NA PAGBAHA.

**SAPAGKA'T,** ipinahihiwatig ng Kapasiyahan Blg. 49-T2007 ng nasabing barangay na karamihan sa mga sitio na sinasakop nito ay lubog na sa tubig-baha kaya't kailangang lagyan ng tulay ang mga daan upang maayos na makaraan ang mga mamamayan lalo na ang mga estudyante at naghahanapbuhay;

**SAPAGKA'T**, malaking dagok ito sa kalakaran ng paghahanapbuhay, paninirahan at pag-aaral;

**SAPAGKA'T,** itinala ng Pambayang Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad ang Barangay Santisima Cruz na "disaster prone area" dahilan sa kalapitan sa Lawa ng Laguna at bunga nito'y umabot sa 60 bahagdan ng mga mamamayan ang naapektuhan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 49-T2007 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng Santisima Cruz na idinedeklarang nasa "state of calamity" ang nasabing barangay dulot ng paglubog at labis na pagbaha.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad at Sang. Brgy. ng Santisima Cruz, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

*Maria Luisa F. Jolo*
**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumanap na Kalihim

NAGPATOTOO:

*Alan T. Pamatmat*
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan